

CALIFORNIA PACIFIC MEDICAL CENTER

BALITA TUNGKOL SA PAGBA-BARGAIN

IKA-25 NG MARSO, 2020

Noong ika-24 ng Marso, ang mga Steward at Representatibo ng NUHW ay makipagpulong muli sa management sa pamamagitan ng conference call tungkol sa mga kasalukuyang sitwasyon ukol sa COVID-19. Ang ating mga demanda:

- Bigyan ng karagdagang 128 oras na paid administrative leave na magagamit para sa mga pag-absent dahil sa COVID-19.
- Tanggalin ang paghihintay para sa ESL.
- Bigyan ang staff ng mga mask at iba pang PPE, at testing kapag hiniling.
- Bigyan ang mga staff na non-essential (SPD, Surgical techs, atbp.) ng kakayahang mamili na magtrabaho sila sa labas ng kanilang departamento o magamit ang kanilang PTO at manatili sa kanilang tahanan.
- Bigyan ng sapat na training ang sinumang pinapatrabaho sa labas ng kanilang scope.
- Siguraduhing sapat ang staffing sa mga nursing floor ayon sa karagdagang mga pasyente at acuity.
- Itaguyod ang mga patakaran ukol sa social distancing hanggang maaari.

Doon sa conference call, sinabi ng management na payag silang magbigay ng 80 oras bilang dagdag-benepisyo. Humingi kami ng dokumentong nagpapaliwanag kung papaano makukuha ng mga manggagawa ang 80 oras na ito. Nagtanong din kami tungkol sa labor pool at humingi kami sa management ng listahan ng lahat ng manggagawang maaapektohan nito.

Sa huli ay minungkahi ng ilang miyembro ang ilang halimbawa ng kakulangan ng management na ibigay at ipahayag ang wastong impormasyon ng malinaw at mabilis. Ilang mga malubhang halimbawa:

- **Reporting Pay.** Sinabi ng isang manager sa SPD sa mga manggagawa sa Labor Pool na maaari silang pauwiin ng walang sahod matapos mag-report sa trabaho. Ang sabi ng mga representatibo ng CPMC ay mali ito at sinumang empleyadong nag-report ayon sa kanilang schedule ay bibigyan ng trabaho o babayaran para sa kanilang buong shift. Sabi nila ay ifollow-up nila sa mga manager upang ayusin ang kamaliang ito.
- **Mahinang Komunikasyon.** Ang mga manggagawa sa Food Service na na-furlough ng 14 araw dahil sa exposure ay bigla na lamang pinabalik sa trabaho matapos ng 3 araw lamang na furlough. Walang ginawa ang mga manager upang ipaliwanag sa mga manggagawang ito kung sino ang makakatrabaho nila at bakit binago ito. Inamin ng CPMC na mali sila at sila'y mag fofollow-up.
- **Pag-Expose sa COVID-19.** Hindi sinabi ng Management sa Van Ness o mga empleyado na na-expose sila sa COVID-19 dahil sa isang physician. Dahil lamang nagpilit ang isang empleyado tungkol sa kanyang karapatan kung bakit na-furlough yung empleyado. Magfo-follow-up ang Management kung bakit ang kanilang malaking pagkakamaling ito ay nangyari.

Ang ating sunod na tawag tungkol sa COVID-19 ay sa Martes, ika-31 ng Marso, 4 P.M. Pinahayag namin ng malinaw na inaasahan namin ang sagot nila sa ating mga demanda, at na ang mga manager ay kailangang magsimulang makipag-usap at ugnayan sa mga empleyado ng regular at tumpak ukol sa mga patakaran tungkol sa kaligtasan.

ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN!

- Pag sumipot kayo upang magtrabaho, karapatan ninyo ang inyong buong shift o bayad.
- Ang Sutter ay kailangang manatiling sundin ang seniority pagdating sa mga assignment at floating.
- Tlnrato ng walang galang ng ilang mga manager ang mga manggagawa ng EVS pagdating sa kanilang pagbibigay serbisyo sa mga pasyenteng nasa isolation. Lahat ng mga manggagawang naglilinis ng mga kuwartong ito ay kailangang bigyan ng mga protective equipment na gaya ng sa mga nars.

NUHW NATIONAL UNION OF
HEALTHCARE WORKERS